Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 19, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad<br>nagpaalam – masama ang pakiramdam |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 229-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 56-T'11 / KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 01-T'11 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAG-AATAS NA KUMUHA NG KLIRANS ANG MGA PUMAPASOK SA BARANGAY NA NAGTITINDA NG IBA'T-IBANG PRODUKTO, MGA NAMIMILI NG BOTE, DYARYO, BAKAL AT IBA PA, MGA NAGPAPALIT NG MGA SIRANG ALAHAS SA BARANGAY AT NAGPAPATAW NG HALAGANG P50.00 SA BAWAT KUKUHA NG KLIRANS.**

**SAPAGKA'T,** tinalakay sa sanggunang ito ang Kapasiyahan Blg. 56-T'11/ Kautusang Pambarangay Blg. 01-T'11 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Jasaan na nag-aatas na kumuha ng klirans ang mga pumapasok sa barangay na nagtitinda ng iba't-ibang produkto, mga namimili ng bote, dyaryo, bakal at iba pa, mga nagpapalit ng mga sirang alahas sa barangay at nagpapataw ng halagang P50.00 sa bawat kukuha ng klirans;

**SAPAGKA'T**, ito ay napaliwat sa Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at malaman ang kahalagahan at nilalayon ng naturang kautusan na makilala ang mga taong pumapasok sa barangay at maiwasan ang anumang illegal na gawain sa barangay ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagpapatibay sa nabanggit na kapasiyahan / kautusan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 56-T'11/ Kautusang Pambarangay Blg. 01-T'11 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Jasaan na nag-aatas na kumuha ng klirans ang mga pumapasok sa barangay na nagtitinda ng iba't-ibang produkto, mga namimili ng bote, dyaryo, bakal at iba pa, mga nagpapalit ng mga sirang alahas sa barangay at nagpapataw ng halagang P50.00 sa bawat kukuha ng klirans;

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 19, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan